



## Qualified Health Plan Sa Isang Sulyap

### SINO ANG KWALAPIKADO?

#### MGA INDIBIDWAL NA:

- Mga residente ng New York State
- Legal ang presensiya sa U.S.
- Hindi kwalipikado para sa Medicaid, Essential Plan o Child Health Plus

#### MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

- [nystateofhealth.ny.gov](http://nystateofhealth.ny.gov)
- 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na pederal na batas para sa mga karapatang sibil at mga batas ng estado, at walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, mga naghahantad na katangiang namana o buhat ng mga gene, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasan sa tahanan at/o paghihiganti.

### ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Libreng pangangalaga para makaiwas sa sakit
- Inpatient care (Pangangalaga sa pasyenteng kailangang mamalagi sa ospital)
- Outpatient services (Mga serbisyo sa pasyenteng hindi kailangang mamalagi sa ospital)
- Pangangalaga para sa pagbubuntis at bagong silang
- Mga serbisyong pang-emergency
- Laboratoryo at imaging
- Mga inireresetang gamot
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at pagpapagaling
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at para sa karamdamang buhat ng labis na paggamit ng droga
- Mga serbisyo para sa kagalingan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit
- Serbisyo sa ngipin at paningin para sa mga bata

***Ang serbisyo sa ngipin at iba pang benepisyo para sa nasa hustong gulang ay maaari ding masaklawan ng ilang plano.***

## MAGKANO ANG HALAGA NG QUALIFIED HEALTH PLAN (QHP)?

**MGA BUWANANG PREMIUM:** Ang halagang binabayaran mo sa bawat buwan ay ibabatay sa planong pinili mo. Maraming tao ang kwalipikado sa mga tax credit (kredito sa buwis) na nagpapababa sa iyong buwanang gastos. Ang mga indibidwal na kumikita ng hanggang \$49,960 sa isang taon at pamilyang may 4 na katao na kumikita ng hanggang sa \$103,000 ay maaaring maging kwalipikado para sa mga tax credit.

**COST SHARING (HATIAN SA GASTUSIN):** Ang cost sharing ay ang halagang binabayaran mo kapag kumuha ka ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kwalipikado rin ang ilang tao na kumuha ng tulong sa pagbabayad ng mga gastos na ito, batay sa kanilang kita. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng antas ng cost sharing ng QHP para sa mga karaniwang planong iniaalok sa apat na antas. Ang ibang plano ay makukuha nang may ibang cost sharing at mga karagdagang saklaw na serbisyo.

COST SHARING PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN	PLATINUM	GOLD	SILVER	BRONZE
Taunang Kinakaltas	\$0	\$600	\$1,300	\$4,425
Pangangalaga para Makaiwas sa Sakit	Libre	Libre	Libre	Libre
Pagpapatingin sa Doktor para sa Pangunahing Pangangalaga	\$15	\$25	\$30	Libre ang Unang 3 Pagbisita; pagkatapos ay may 50% cost sharing
Pagpapatingin sa Espesyalista	\$35	\$40	\$50	50% cost sharing
Pamamalagi ng Pasyente sa Ospital sa bawat pagpapaospital	\$500	\$1,000	\$1,500	50% cost sharing
Outpatient na Pagpapatingin ukol sa Kalusugan ng Pag-uugali	\$15	\$25	\$30	50% cost sharing
Inpatient na Pagbisita para sa Kalusugan ng Pag-uugali sa bawat pagpapaospital	\$500	\$1,000	\$1,500	50% cost sharing
Emergency Room	\$100	\$150	\$250	50% cost sharing
Agarang Pangangalaga	\$55	\$60	\$70	50% cost sharing
Pisikal na Therapy, Therapy sa Pananalita, Occupational Therapy	\$25	\$30	\$30	50% cost sharing

COST SHARING PARA SA MGA INIRERESETANG GAMOT	PLATINUM	GOLD	SILVER	BRONZE
Generic	\$10	\$10	\$10	\$10
Pinipiling Brand	\$30	\$35	\$35	\$35
Hindi Pinipiling Brand	\$60	\$70	\$70	\$70